| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | V |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File Created by DepEd Click | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | OCTOBER 10-14, 2022 (WEEK 8) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| ***I. LAYUNIN*** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pagunawa sa napakinggan | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pagunawa sa napakinggan | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pagunawa sa napakinggan | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pagunawa sa napakinggan | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pagunawa sa napakinggan |
| **B. Pamantayan sa Pagaganap** | Nakapagbibigay ng sariling pamagat para sa napakinggang kuwento at pagsasagawa ng roundtable na pag-uusap tungkol sa isyu o paksang napakinggan | Nakapagbibigay ng sariling pamagat para sa napakinggang kuwento at pagsasagawa ng roundtable na pag-uusap tungkol sa isyu o paksang napakinggan | Nakapagbibigay ng sariling pamagat para sa napakinggang kuwento at pagsasagawa ng roundtable na pag-uusap tungkol sa isyu o paksang napakinggan | Nakapagbibigay ng sariling pamagat para sa napakinggang kuwento at pagsasagawa ng roundtable na pag-uusap tungkol sa isyu o paksang napakinggan | Nakapagbibigay ng sariling pamagat para sa napakinggang kuwento at pagsasagawa ng roundtable na pag-uusap tungkol sa isyu o paksang napakinggan |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto (Isulat ang code ng bawat kasanayan)** | Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar na mga salita sa pamamagitan ng tono o damdamin, paglalarawan, kayarian ng mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang diin at tambalang salita. F5PT-Ic-1.15<br>F5PT-Ij-1.14<br>F5PT-IId-9<br>F5PT-IIe-4.3 | | | | |
| ***II. NILALAMAN*** | Pagbibigay Kahulugan ng Pamilyar at Di-Pamilyar na mga Salita<br><br>Inaasahan ko na pagkatapos ng ating paglalakbay ay magagawa mo ang mga sumusunod:<br><br>1. Nakikilala at nabibigyang-kahulugan ang mga salitang pamilyar at di-pamilyar na gagamitin sa mga pangungusap/pahayag. | | | | |
| ***KAGAMITANG PANTURO*** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |
| **2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga pahina sa Teksbuk** | | | | | |

<table>
<tr><td>4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>B. Iba pang Kagamitang Panturo</td><td>Powerpoint, larawan ng dalawang batang magkapatid</td><td>Powerpoint, larawan</td><td>Larawan, metacards, video</td><td>Powerpoint, video</td><td></td></tr>
<tr><td>III. PAMAMARAAN</td><td colspan="5"></td></tr>
<tr><td></td><td>BALIKAN<br><br>Iguhit sa sagutang papel ang kung ang pangkat ng mga salita ay magkasingkahulugan at kung ito ay magkasalungat.<br>Ilagay ang guhit sa nakalaang kahon.<br><br><table><tr><td>1</td><td></td><td>malinis --------------------------- dalisay</td></tr><tr><td>2</td><td></td><td>masaya -------------------------- maligaya</td></tr><tr><td>3</td><td></td><td>maliwanag---------------------- madilim</td></tr><tr><td>4</td><td></td><td>maluwang ---------------------- malawak</td></tr><tr><td>5</td><td></td><td>magaspang -------------------- makinis</td></tr></table></td><td>SURIIN<br><br>Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ng tono at damdamin, paglalarawan, diin at tambalan.<br><br>A. Tono at Damdamin. Ang pagbibigay ng kahulugan sa isang salita o teksto ay maaaring ipakita gamit ang tono at damdamin. Ang tono ay tumutukoy sa saloobin ng may-akda na ukol sa salita o paksang kaniyang isinulat. Ang tono ay maaaring masaya, malungkot, mapagbiro, mapangakit, o seryoso. Samantala, ang damdamin ay tumutukoy sa saloobing nalilikha ng mambabasa sa salita o teksto. Ito ay maaaring tuwa, lungkot, galit, pagkainis, takot, paghanga, pag-ibig, pagkagulat, pagtataka, pagasa, kawalang pag-asa, katapangan, pangamba at iba pang emosyon o damdamin.</td><td>ISAISIP<br><br>Sagutin ang mga sumusunod na mga tanong. Isulat ito sa sagutang papel.<br>1. Bakit labis na nalulungkot si Angelito? Ano ang gusto niyang gawin kasama ang kanyang mga kaibigan?<br>2. Paano natupad ni Angelito ang kanyang nais gawin? Ano ang naging dulot ng pagsuway niya sa paalala ng kanyang ina?<br>3. Ano ang gagawin mo kung ikaw ang nasa katayuan ni Angelito?.</td><td>TAYAHIN<br><br>Pagtambalin ang mga salita na nasa Hanay A sa katumbas nitong kahulugan sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.<br><br><table><tr><th>Hanay A</th><th>Hanay B</th></tr><tr><td>1. magbuklod</td><td>a. karaniwang marurumi ang tubig na dumadaloy sa lugar na ito</td></tr><tr><td>2. salik</td><td>b. inanod ang lupa</td></tr><tr><td>3. lumaban</td><td>c. mga tuntuning dapat sundin</td></tr><tr><td>4. nagbabanta</td><td>d. nakasasama</td></tr><tr><td>5. panirahan</td><td>e. kaalaman</td></tr><tr><td>6. kabatiran</td><td>f. nanganganib</td></tr><tr><td>7. regulasyon</td><td>g. tirahan</td></tr><tr><td>8. pag-agos</td><td>h. bahagi</td></tr><tr><td>9. imburnal</td><td>i. pagtutol</td></tr><tr><td>10. hindi mabuti</td><td>j. magkaisa</td></tr></table></td><td>Lingguhang Pagsusulit</td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Mga halimbawa:<br>• Pamilyar: **pag-ibig** ayon sa isang awit:<br>• hindi basta-bastang napapalitan<br>• tunay<br>• walang pagdududa<br>• habang-buhay<br>Tono : masaya<br>Damdamin : tuwa, pag-ibig<br><br>• Di-pamilyar: Mula sa awiting *Maskara* ng bandang Eraserheads<br>*"Kung may problema ka*<br>*Magsuot ng maskara*<br>*Takpan mo ang iyong mata*<br>*Buong mundo'y mag-iiba"*<br>Ang salitang **maskara** ayon sa awitin ay hindi literal na maskara na sinusuot sa mukha. Nangangahulugan itong "pagtago ng damdamin o ekspresyon ng mukha."<br>**Tono:** masaya<br>**Damdamin:** pag-asa o lakas ng loob<br><br>• Di-pamilyar: Mula sa awiting *Maskara* ng bandang Eraserheads<br>*"Kung may problema ka*<br>*Magsuot ng maskara*<br>*Takpan mo ang iyong mata*<br>*Buong mundo'y mag-iiba"*<br>Ang salitang **maskara** ayon sa awitin ay hindi literal na maskara na sinusuot sa mukha. Nangangahulugan itong "pagtago ng damdamin o ekspresyon ng mukha."<br>**Tono:** masaya<br>**Damdamin:** pag-asa o lakas ng loob<br><br>B. **Paglalarawan.** Napatitingkad ang anumang akdang pampanitikan kapag wasto ang gamit ng mga salitang naglalarawan. Nakapaglalarawan tayo ng tiyak at angkop kapag alam natin ang gamit ng mga salita. Nakatutulong ito ng malaki sa paglalarawan at pagbibigay katangian sa mga sa mga bagay na bumubuo sa ating kapaligiran ang wastong paggamit sa salitang naglalarawan. Maaari ring tiyak na makapaglarawan sa katangian at ugali ng isang tao o hayop ang paggamit ng angkop na salitang naglalarawan. Samakatuwid, nakatutulong nang malaki ang mga salitang naglalarawan upang bigyang katangian ang isang bagay o ugali maging sa damdamin at mga pangyayari sa ating kapaligiran.<br>Mga halimbawa:<br>1. Nakakatakot magpatayo ng mga ***matatayog*** na gusali sa lugar na may malambot na lupa.<br>2. ***Matangkad*** ang aking panganay na anak sa kaniyang edad na walong taong gulang.<br>Ang **matayog** at **matangkad** ay parehong ginagamit bilang paglalarawan sa taas ngunit ang matayog ay hindi maaaring gamitin bilang paglalarawan sa taas ng tao.<br><br>C. **Diin.** Ang diin ay lakas, bigat, o bahagyang pagtaas ng tinig sa pagbigkas ng isang pantig sa salita. Ang diin ay isang ponema sapagkat sa mga salitang may iisang tunog o baybay, ang pagbabago ng diin ay nakapagpapabago ng kahulugan nito.<br>Mga halimbawa:<br>BU:hay = kapalaran ng tao LA:mang = natatangi<br>Bu:HAY = humihinga pa la:MANG = nakahihigit, nangunguna<br>D. Tambalan. Ito ay salita na binubuo ng dalawang payak na salita na bumubuo ng panibagong salita.<br><br>Mga halimbawa:<br><br>bahay-ampunan<br>pamatid-uhaw | | | |
| | **TUKLASIN**<br><br>Halina't basahin mo ang kuwento ng buhay ni Angelito. Alamin mo kung ano ang nangyari sa kaniya. | **PAGYAMANIN**<br><br>Ngayong batid mo na ang mga impormasyon tungkol sa ating aralin, maaari mo nang sagutin ang sumusunod na gawain. | **ISAGAWA**<br><br>Ang mga salita sa ibaba ay binubuo ng dalawang salitang pinagtambal. Isulat ang mga salitang-ugat o pinagmulan ng salitang ito. | | |

## Ang Kwento ni Angelito

*ni Rhoda Y. Sibullas*

Si Angelito ay masigla, palakaibigan at makulit na bata. Siya ay mahilig maglaro at gustong-gusto niyang maligo sa ilog kasama ang kanyang mga kaibigan, ngunit lagi siyang hindi pinapayagan ng kanyang ina.

Isang araw habang nakaupo sa ilalim ng punong mangga si Angelito, siya ay napaisip kung bakit ang daming ipinagbabawal ng kanyang inang si Aling Gloria. Madalas niyang marinig ang salitang, "huwag" at napakaraming bawal.

Nalulungkot at sumasama ang kanyang loob kapag naririnig niya ang mga pahayag nito. May isang bagay na talagang gusto niyang gawin ngunit ipinagbabawal ito ng kanyang ina, ang maligo sa ilog. "Napakabilis ng agos ng tubig sa ilog. Maaari kang matangay ng agos at baka ka pa malunod. Maliit ka pa at hindi mo pa kaya ang mag-isang maligo sa ilog," sambit ng ina kay Angelito. Laging nagdaramdam si Angelito dahil gustong-gusto niyang maligo sa ilog kasama ang mga kaibigan.

Kinaumagahan, kinumbinsi ni Angelito ang kanyang sarili na kayang-kaya niyang lumangoy. "Matatakutin lang talaga si Nanay, hindi naman ako malulunod dahil tinuruan akong lumangoy ni Tito Lito," sabi niya sa sarili. "Ang sarap sigurong lumangoy at maglaro sa ilog kasama ang aking mga kaibigan na sina Nonoy, Pepe at Benok. Mukhang malamig ang tubig sa ilog. Magiging masaya ang araw namin ngayon," pilit niya sa sarili.

Kaya nga kinahapunan, kasama ng tatlong kalarong bata, masaya silang nagpunta sa ilog nang hindi nagpapaalam sa mga magulang. Mabilis na tumakbo at dali-dali silang naghubad ng kamiseta at tumalon sa tubig. "Ang sarap maglaro sa tubig." Wika ni Angelito. "Ang lamig ng tubig." Sabi naman ni Pepe. Wiling-wili ang mga bata.

Maya-maya, naisip ni Angelito na lumangoy sa bandang unahan. Unti-unti siyang umusad sa gitnang bahagi ng ilog. Bigla na lamang bumilis at lumakas ang agos ng tubig at siya'y tinatangay na palayo, patungo sa malalim na bahagi ng ilog. Pinipilit niyang pigilan ang katawan ngunit hindi niya makaya ang malakas na agos ng tubig.

"Nonoy, Benok, saklolo, tulungan niyo ako!" Nagmamakaawang sigaw ni Angelito. Ngunit hindi rin magaling lumangoy ang mga kasama niya. Nagulat, nabahala at nag-alala na lang sila sa di-masaklolohang kababata.

Mabuti na lang at may biglang tumalong lalaki mula sa mga kakahuyan. Naroon pala ang isang kanayon nila na may painuming kalabaw. Nasagip si Angelito ng lalaki ngunit ilang saglit muna ang lumipas bago siya nagkamalay. "Salamat po, Mang Tacio. Akala ko'y katapusan ko na. Nagdasal po ako at kayo ay dumating. Dapat nga pala akong sumunod sa sinasabi ni Nanay." Pagpapasalamat ni Angelito. "Tama ka Angelito, batid ng mga magulang ang nararapat sa mga anak kaya dapat silang sundin. Huwag kayong basta-bastang pumunta sa mga mapanganib na lugar at baka kayo ay mapahamak. Matuto kayong sumunod sa inyong mga magulang." Pangaral ni Mang Tacio. "Opo, Mang Tacio". Magalang na sagot ni Angelito. Masayang umuwi si Angelito sa kanilang bahay kasama ang kanyang tatlong kaibigan.

**Gawain A.1.** Ibigay ang tono at damdamin ng mga sumusunod.

Tiwala ayon sa isang awit:

Tiwala 'pag nasira na
mahirap nang ayusin pa
Di kayang ipagdikit
ang tiwala 'pag napunit
Tiwala 'pag namantsahan na,
mahirap nang linisin pa.
- *Choco Latte, Parokya ni Edgar*

Tono:__________
Damdamin:___________

Tayo'y mga dahon lamang
Ng isang matatag na puno
Iisa ang ating pinanggalingan
Hindi pareho sa pagtubo
Maaaring ika'y isang dahong masigla
Ako nama'y dahong nalalanta na
Pareho tayong mahuhulog sa lupa Kaibigan,
'wag ikababahala.
- *At tayo'y Dahon, Asin*

Tono: __________
Damdamin: ___________

Gawain A.2. Dugtungan ang talata na nasa ibaba.

Habang binabasa ko ang maikling kuwento ay naramdaman ko ang damdaming nadarama ni Angelito. Ito ay ang (1)____________________, (2)____________________, na matatagpuan sa talata (3)______________________.

Gawain II. Ibigay ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa bawat bilang sa tulong ng paglalarawan. Hanapin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Napakarami ng kanilang mga paninda sapagkat bulto sila kung mamili.
2. Bawat tao ay nagnanais na magkaroon ng ligtas na kapaligiran kung kaya't tumutulong sila sa pagbabantay ng paligid.
3. Iba't ibang sakit ang dulot ng polusyon tulad ng hika at sakit sa baga.

| Tambalang Salita | Mga Salitang Ugat | |
|---|---|---|
| 1. sangandaan | sanga | daan |
| 2. punongkahoy | | |
| 3. dapithapon | | |
| 4. sawimpalad | | |
| 5. kapitbahay | | |
| 6. takipsilim | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | 4. Matagal na niyang naririnig ang tungkol sa recycling kaya't pamilyar na<br>siya sa paraan ng pagsasagawa nito.<br>5. Sa tulong ng mga humihikayat ay nagawa naming maisama siya sa<br>mga gawaing pangkalikasan.<br><br>A. bunga B. humihimok C. maramihan<br>D. gusto E. alam na alam | | | |
| **IV. Mga Tala** | | | | | |
| **V. Pagninilay** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |